**GMRC 2 Term 1 Reviewer**

**Panuto: Basahin at intindihin ang mga tanong. Isulat ang mga sagot sa patlang.**

**______1. Ano ang pagiging masinop?**
A. Pagtatapon ng mga kagamitan.
B. Pagsira ng mga bagay na maaari pang gamitin.
C. Wastong paggamit, pag-iingat, at pag-aalaga ng mga bagay.

**______2. Magbigay ng isang paraan ng pagtitipid ng tubig.**
A. Isara ang gripo pagkatapos gamitin.
B. Hayaang nakabukas ang gripo habang nagsesepilyo.
C. Maglaro ng tubig habang naglalaba

**______3. Ano ang dapat gawin sa malinis na scrap paper?**
A. Itabi at gamitin muli kung maaari.
B. Gawing pambato sa kalaro.
C. Sunugin ang mga ito.

**______4. Ano ang pagiging masunurin?**
A. Palaging pagsunod sa mga wastong alituntunin at patakaran.
B. Pagsunod sa mga alituntunin kapag may nakakakita lamang.
C. Pagsunod sa mga patakaran kung kailan mo lamang gusto.

**______5. Bakit sinusunod ang mga alituntunin sa pamayanan?**
A. Upang may maipagyabang sa mga tao.
B. Upang maging ligtas, at mapayapa ang pamayanan.
C. Upang mabigyan ng premyo mula sa pamayanan.

**_____6. Ano ang talento?**
A. Kakayahang maaaring mapaunlad.
B. Kakayahang hindi mo kayang gawin.
C. Kakayahan ng ibang tao na wala sa iyo.

**______7. Sino ang maaaring tumulong sa pagtuklas ng talento?**
A. Mga tao na nasa ibang bansa.
B. Pamilya, guro, at ibang taong gumagabay sa bata.
C. Mga malalayong kamag-anak na hindi mo madalas makita.

**______8. Alin ang hindi nakakatulong na mapauunlad ang talento?**
A. Pagsasanay nang paulit-ulit
B. Pagsasanay kung kailan mo lamang gusto.
C. Pagsisikap at pagtanggap ng gabay

**______9. Ano ang dapat gawin kapag hindi nanalo sa paligsahan?**
A. Sabihing dinaya ka kaya ka natalo.
B. Sabihing hindi ka na ulit sasali sa mga paligsahan.
C. Sumubok muli at gamitin ang karanasan upang gumaling.

**______10. Alin ang hindi nagpapakita ang tiwala sa sarili?**
A. Maniwalang kaya mong matuto.
B. Palaging umaasa sa tulong ng iba.
C. Subukan ang gawain at magsanay.

LIVEWORKSHEETS

**TAMA o MALI**

__________ 11. Iniiwang bukas ang ilaw kahit walang tao sa silid.

__________ 12. Magtapon ng basura kahit may basurahan naman.

__________ 13. Itabi ang malinis na papel upang magamit muli.

__________ 14. Sumunod sa mga tuntunin sa paaralan.

__________ 15. Magsanay sa pagguhit upang mapaunlad ang talento.

__________ 16. Kumukuha lamang ng pagkain na kayang ubusin.

__________ 17. Inaalagaan ang mga gamit sa paaralan.

__________ 18. Tumawid sa tamang tawiran.

__________ 19. Pitasin ang mga bulaklak sa parke para iuwi.

__________ 20. Paggalang sa mga magulang, guro at iba pang nakakatanda.

LIVEWORKSHEETS